**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-08 NG HUNYO, 2021 SA GANAP NA IKA-09:37 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-PSK |

**KAPASIYAHANG BLG. 44 T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" GO, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NG ISANG (1) YUNIT NG DUMP TRUCK PARA MAGAMIT SA PAGKUHA AT PAGHAKOT NG MGA BASURA SA BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA.**

Akda ni: Kgg Rose Ann R. Añonuevo

**SAPAGKAT,** maraming beses sa isang linggo na nasisira ang trak na humahakot ng basura sa bayan ng Lumban kung kaya kumakalat ito sa mga daan;

**SAPAGKAT,** ang nagkalat na mga basura sa daan ay lubhang mapanganib sa mga mamamayan dahil nagiging sanhi nang paglaganap ng ibat-ibang uri ng sakit;

**SAPAGKAT,** kinakailangang madagdagan ng bagong trak ng basura upang lalong maging mas epektibo ang programang pangkalinisan ng Pamahalaang Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo,ay;

**IPINASIYA, tulad ng dito'y IPINASIYA,** na mapitagang humiling kay Kgg. Christopher Lawrence "Bong" Go, Senador ng Republika ng Pilipinas, ng isang (1) yunit ng Dump Truck para magamit sa pagkuha at paghakot ng mga basura sa Bayan ng Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Senador Christopher Lawrence "Bong" Go, para sa kanyang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-08 ng Hunyo, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt060821res44*